


Filipino

Unang Markahan – Modyul 14: Gamit ng Pangkalahatang Sanggunian sa Pagsasaliksik



**Filipino– Ikaanim na Baitang
Alternative Delivery Mode
Unang Markahan – Modyul 14: Gamit ng Pangkalahatang Sanggunian sa
Pagsasaliksik Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyulna ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul	
Manunulat:	Amelita L. Bulquerin
Editor:	Lilibeth D. Meliton Maricis Torres- Tolibas
Tagasuri:	Susan J. Quistadio Junrey M. Esparar Celestino S. Dalumpines IV
Tagaguhit:	Froilan T. Detoga, Jr. Swelyn E. Forro
Tagalapat:	Jeson A. Telesforo Glenn P. Dollete
Tagapamahala:	Gemma M. Ledesma Salvador O. Ochoa, Jr. Elena P. Gonzaga Donald T. Genine Celestino S. Dalumpines IV Segundina F. Dollete Shirley A. De Juan Merlie J. Rubio

Inilimbag sa Pilipinas ng _____
Department of Education – Region VI
Office Address: Duran Street, Iloilo City
Telefax: (033) 336-2816 (033) 509-7653
E-mail Address: region6@deped.gov.ph

Filipino

**Unang Markahan – Modyul 14:
Gamit ng Pangkalahatang
Sanggunian sa Pagsasaliksik**

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/ Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung simumang gagabay at tutulong sa pag-aaral at mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang salita upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ang ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang sagot sa bawat Gawain at pagsusulit. Inaasahan naming na maging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumagamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makaranas ng suliranin pag-unawa sa mga aralin at sa paggamit ng SLM na ito.



Alamin



Magandang araw kaibigan! Muli, ako ang iyong kaibigan si Kokoy, ang makasasama mo sa modyul na ito. Natutuwa ako dahil malapit mo nang matapos ang modyul na ito. Marami ng kaalaman ang iyong natutuhan at dadagdagan pa natin yan ngayon. Handa ka na ba?

Tanggap!

Ang modyul na ito ay dinisenyo at isinulat batay sa iyong kakayahan. Makatutulong ito para magkaroon ka ng kaalaman sa wastong gamit ng aklat sanggunian.

Isang panibagong pagkakataon na naman para matuto. Halika't galugarin natin ang mundo ng mapagkukunan ng kaalaman. Sa ganitong pagkakataon, makatutulong ang paggamit ng mga aklat-sangguniang nasa modyul na ito.

Pagkatapos ng pag-aaral sa aralin na ito ay inaasahang:

Nakagagamit ng pangkalahatang sanggunian sa pagsasaliksik (**RRP-Th-d-6**)







Subukin



Kamusta kaibigan? Bago natin lakbayin ang modyul na ito ay magkakaroon muna tayo ng paunang pagtataya. Sikapin mong sagutin ang mga katanungan upang mataya kung ano ang mga dapat mo pang malaman sa mga susunod na pag-aaral.

Nakakita at nakabasa na ba kayo ng mga ito?



Panuto: Ibigay ang hinihingi ng bawat bilang. Isulat sa sagutang papel ang mga kasagutan.

Alin sa mga pangkalahatang sanggunian ang magagamit mo kung nais mong malaman ang sumusunod na mga impormasyon? Isulat kung diksiyonaryo, ensayklopidya, atlas, tesawro, almanake/almanac at perydiko ang gagamitin.

1. kahulugan ng isang salita

2. natatanging tradisyon ng isang bansa

3. wastong bigkas ng salita

4. mapa ng Asya-Pasipiko

5. dramang Griyego

6. wastong baybay ng salita

7. mapa ng buong Asya


8. kasaysayan ng Pilipinas

9. maaaring pamalit sa salita

10. balitang Isports

Aralin 1

Gamit ng Pangkalahatang Sanggunian sa Pagsasaliksik



Balikan



Magandang araw kaibigan! Handa ka na ba sa panibagong aralin? Ngunit bago iyan ay sagutan mo muna ang gawain sa sumunod na pahina.

Panuto: Sagutin ang mga sumusunod sa sagutang papel.

1. Kung maririnig mo ang mga salitang diksiyonaryo, ensayklopidya, atlas, tesawro, almanake/almanac at periyodiko, ano ang pumapasok sa iyong isip?
2. Ginagamit mo ba ang mga ito? Sa paanong paraan mo ito ginagamit?
3. Nakatutulong ba ito sa iyo? Bakit?



Tuklasin



Kaibigan, subukin mong sagutin ang gawain sa bahaging ito.

Panuto: Anong sanggunian ang dapat gamitin upang matugunan ang hinihingi sa bawat bilang, piliin mula sa mga nakatalang sagot sa loob ng parihaba.

diksiyonaryo	ensayklopidya	atlas
almanake/almanac	periyodiko	tesawro

1. Ano ang pinakamalaking bansa sa Asya? _____
2. Ano ang kasingkahulugan ng salitang mabini? _____
3. Ano ang pinakasikat na pelikula noong taong 2014? _____
4. Ano ang tamang bigkas ng salitang palatuntunan? _____
5. Ilang rehiyon ang bumubuo sa bansang Pilipinas? _____
6. Ano ang kahulugan ng botanika? _____
7. Ano ang kasaysayan ng bansang Japan? _____
8. Ano ang kasingkahulugan ng banayad? _____
9. Ilan ang kabuoang populasyon ng Pilipinas? _____
10. Ano ang pumapangalawa sa pinakamalaking bansa sa Asya? _____



Suriin



Kaibigan, basahin at unawain mong mabuti ang nakasulat na aralin upang madagdagan pa ang iyong kaalaman.

Alam mo ba?

Mahalaga ang paggamit ng mga sanggunian sa pananaliksik. Maaaring matatagpuan sa mga sanggunian sa pananaliksik ang iba't ibang impormasyon tungkol sa anumang nais mong mabatid na kaalaman.

Diksiyonaryo - ang mga impormasyong makukuha rito ay kahulugan, baybay, pagpapantig, at pinagmulan ng mga salita. Malalaman din kung sa aling bahagi ng pananalita kabilang ang salita maging ang wastong bigkas nito.

Halimbawa: kum-pir-ma pnd. I-kum-pir-ma, mag-kum-pir-ma

1. magpatibay o magpatunay ng katotohanan o kawastuhan:
2. gawing balido ang isang bagay.

Tesawro - nagsasaad ng mga impormasyon tungkol sa mga salitang kasingkahulugan at kasalungat.

Halimbawa: maganda, kasingkahulugan: marikit: kasalungat: pangit

Ensayklopidya - aklat o kalipunan ng mga aklat na nagbibigay ng kaalaman sa lahat ng sangay ng karunungan, kung saan ang mga lathalain ay inayos ng paalpabeto.

Halimbawa: Ang biyolohiya o hanayan ay isang natural na agham na nauukol sa pag-aaral ng buhay at mga nabubuhay na organismo kabilang ang kanilang istruktura, mga tungkulin, paglago, ebolusyon distribusyon at taksonomiya.

Atlas - naglalaman ng mga impormasyon tungkol sa isang lugar, gaya ng lawak, layo, populasyon, anyong-lupa at anyong-tubig.


Halimbawa: Marinduque bilang lugar na pinag-ugatan ng Wikang Tagalog.

Almanac - nagsasaad ng pinakabagong impormasyon tungkol sa politika, kawilihan, isports, relihiyon, at iba pang nangyari sa loob ng isang taon.

Halimbawa: Ang katas ng dahon ng malunggay ay mabisang panggamot sa sakit sa balat.

Peryodiko – naglalaman ng balita, impormasyon, o patalastas tungkol sa isang lugar o espesyal na paksa. Maaaring maglabas ng bagong isyu sa bawat araw, linggo, buwan, o taon.

Halimbawa: Dalawang gradweyt ng West Visayas State University kolehiyo ng Agriculture at Forestry (CAF) nanguna sa June 2018 Agriculture Licensure Examination. (Source: The Forum, June-Oct 2018, p 1, translated.)



Pagyamanin



Batid kong marami kang nalaman tungkol sa ating aralin. Upang mailapat ang napag-aralan mo, isagawa mo ang mga kasunod na gawain.

Gawain 1

Panuto: Ayusin ang pinaghalong letra upang makabuo ng pangalan ng aklat sanggunian na gagamitin sa mga sumusunod. Isulat ang sagot sa loob ng kahong nakalaan.

Ano ang aking gagamitin kung hanap ko ay:

1. kahulugan ng salitang alamat

SYONARDIKYO - - - - -

2. detalyadong impormasyon tungkol sa pinakamataas na bundok sa mundo

KLOSAYPIDENYA - - - - -

3. pinakaunang balita sa araw na ito
DIKPERDYO - - - - -

4. mga bansa sa Kontinenting Asya at mga lugar nito
LATSA - - - - -

5. mga palabas na sumikat sa 2012
LAMNAKA - - - - -

Gawain 2

Panuto: Tunghayan ang nilalaman ng diksiyonaryo. Tukuyin kung ano ang kasingkahulugan ng mga salitang nakatala mula sa ibaba. Isulat ang sagot sa katapat ng mga linya.

tówat.

a-lit-pá-la *pnb [ST]:* agád.

a-li-tub-túb *png [ST]:* bakod sa pali-gid ng apoy.

a-li-tú-kag *png [Iba]:* luhód.

a-li-tun-tú-nin *png [ST]:* tuntúnin.

a-lit-wát *png:* varyant ng **alátwat**.

alive (a-láyv) *pnr [Ing]:* buháy.

á-liw *png [ST]:* paghahambing ng isang súkat sa isa pa.

a-líw *png:* anumang nagdudulot ng kasiyahang-loob at katuwaan Cf ALÒ, LIBÁNG: ALÍNG², LIWLIWÁ.

a-li-wá *png [Igo]:* palakol na pamputol ng ulo.

a-li-wà *pnh [Kap]:* ibá.

a-li-yák-yak *png Zoo [Seb]:* baboy-babúyan¹.

a-li-yál-bo *png [ST]:* alikabók.

a-li-yá-sar *pnd i-a-li-yá-sar, mag-a-li-yá-sar, u-ma-li-yá-sar [ST]:* pumagit-na sa gulo, away, o pag-uusap nang walang pahintulot: ALIYASOR.

a-li-yá-sor *pnd i-a-li-yá-sor, mag-a-li-yá-sor, u-ma-li-yá-sor [ST]:* aliyasar.

a-lí-yo *pnr [ST]:* balisá.

a-lí-yun *png:* hindi regular na kilos at umaalong galaw, karaniwan ng mga pangkat, kawan, ulap, hangin, o usok.

al-ka-bá-la *png Kas [Esp alcabala]:* noong panahon ng Espanyol, buwis mula sa mga panindang ipinagbili sa palengkeng pag-aari ng pamahalaan.

1. aliyo - _____
2. alitukag - _____
3. alitpala - _____
4. aliyalbo - _____
5. aliyakyak - _____



Isaisip



Binabati kita sa iyong masigasig na pagsagot sa

mga katanungan kaibigan. Sa bahaging ito, ay inaasahan ko pa rin na magagawa mo ang mga sumunod na pagsasanay.

A. Punan ang sumusunod na talahanayan.

Ano ang iyong mga natutuhan?	Gaano ito kahalaga?

B. Kompletuhin ang sumusunod:

Mahalagang matutuhan na masagot ang mga tanong mula sa pangkalahatang sanggunian sa pagsasaliksik dahil



Isagawa



Upang matiyak kung talagang naintindihan mo ang araling tinalakay sa modyul na ito, isagawa ang nasa ibaba.

A. Mula sa inyong mga diksyonaryo o dili kaya ay tesawro, magtala ng limang (5) salita kasama ang kahulugan nito at gamitin sa pangungusap.

1. _____
2. _____
3. _____
4. _____
5. _____

- C. Kung may magtatanong sa iyo tungkol sa kasaysayan ng isang lugar, kahulugan ng kanilang pangalan o balitang nakasulat araw-araw, ano ang iyong maipapayo sa kanila? Sumulat ng isang talata na may limang pangungusap.



Tayahin



Mahusay! Binabati kita kaibigan dahil nakaabot ka sa parteng ito. Tiyak marami kang natutuhan sa mga aralin sa modyul na ito. Ngayon, ating tatayahin ang iyong kaalaman sa nakalipas na aralin.

Panuto: Basahin at unawain ang bawat sitwasyon. Anong aklat sanggunian ang angkop na gagamitin dito.

- Hahanapin ni nena nag pinagsama-samang mga mapa sa iisang aklat.
A. Atlas
B. Almanac
C. Diksiyonaryo
D. Ensayklopidya
- Nais kong makita ang impormasyon tungkol sa iba't ibang paksa na nakaayos ng paalpabeto.
A. Diksiyonaryo
B. Almanac
C. Ensayklopidya
D. Atlas
- Gusto ni Linda na malaman ang kahulugan ng mga salita, tamang pagpapantig ng salita, pagbigkas, pagbabaybay at pagbabantas.
A. Diksiyonaryo
B. Almanac
C. Ensayklopidya
D. Atlas
- Kalendaryo ng mga impormasyong astronomiko at prediksiyon tungkol sa panahon na naman ang hangad kong makita.
A. Ensayklopidya
B. Almanac
C. Atlas
D. Tesawro
- Ano ang aking gagamitin kung magtatanong ng gabay ang mga turista upang malaman ang mga impormasyon at pangyayari sa isang bansa sa loob ng isang taon.
A. Diksiyonaryo
B. Almanac
C. Ensayklopedia
D. Atlas

6. Si Ana ay naghahanap ng kasingkahulugan at kasalungat na kahulugan ng isang salita.

A. Diksiyonaryo	C. Atlas
B. Ensayklopidya	D. Tesawro
7. Nagbalik – tanaw kayo tungkol sa mga trahedyang at sakunang naganap sa ating bansa noong taong 2000.

A. Almanac	C. Ensayklopidya
B. Atlas	D. Diksiyonaryo
8. Bukod sa pinagmulan ng isang salita, nais mo pa ring makakuha ng iba pang impormasyon tungkol dito.

A. Ensayklopidya	C. Atlas
B. Almanac	D. Diksiyonaryo
9. Ikaw ay may takdang-aralin sa Araling Panlipunan tungkol sa sukat o laki ng isang lugar sa Pilipinas.

A. Atlas	C. Ensayklopidya
B. Diksiyonaryo	D. Almanac
10. Gusto mong malaman kung alin sa mga kontinente ang may pinakamalawak na lupaing nasasakupan.

A. Atlas	C. Diksiyonaryo
B. Almanac	D. Peryodiko



Karagdagang Gawain



Magaling ang ginawa mo aibigan. Natapos mong sagutan ng mga gawain na naririto. Ito na ng huling pagsubok na gagawin ara sa araling ito.

Panuto: Pagtapat-tapatin ang larawan mula sa hanay A sa mga sitwasyong nasa hanay B. Isulat ang tamang titik sa sagutang papel.

Hanay A


1.



Hanay B

A. bubuklatin kung nais mong malaman ang kahulugan ng iyong pangalan

2.




B. bubuklatin kung gustong malaman ang salitang manimdim

3.




C. bubuklatin kung nais mong malaman ang balita ngayong araw

4.




D. bubuklatin kung hanap mo ang bilang ng tao o populasyon sa isang lugar

5.



E. bubuklatin kung hanap ko ay kasalungat ng salitang mapalad

6.



F. bubuklatin kapag hangad ang kaalaman tungkol sa enerhiya



Napakahusay mo kaibigan!
Natapos at napagtagumpayan mo ang aralin. Sana'y naiwan sa iyong isipan ang lahat ng mga napag-aralan natin patungkol sa mga sanggunian. Bagaman tapos na tayo sa araling ito, ihandang muli ang iyong sarili sa panibago na namang aralin – **Modyul 15 (Pagsulat ng Kuwento/ Talata).**



Susi sa Pagwawasto

<p>Pagvamanin</p> <p>Gawain 1</p> <ol style="list-style-type: none"> 1. Diksiyonaryo 2. Ensayklopidya 3. Perodiko 4. Atlas 5. Almanac <p>Gawain 2</p> <p>Ang sagot ay nakadepende sa mag-aaral.</p>	<p>Balikan</p> <p>Nakadepende sa mag-aaral ang</p> <p>Tuklasin</p> <ol style="list-style-type: none"> 1. Klase sa Filipino 2. Helena, Pazlena at guro 3. Aklat sanagunian 4. Diksiyonaryo, atlas, 5. almanake at lesawro <p>Suriin</p> <ol style="list-style-type: none"> 1. atlas 2. lesawro 3. almanake/almanac 4. diksiyonaryo 5. atlas 6. lesawro 7. ensayklopidya 8. diksiyonaryo 9. atlas 10. atlas 	<p>Subukin</p> <ol style="list-style-type: none"> 1. diksiyonaryo 2. ensayklopidya 3. diksiyonaryo 4. atlas 5. ensayklopidya 6. diksiyonaryo 7. atlas 8. ensayklopidya 9. lesawro 10. perodiko
---	---	---

<p>Karagdagan Gawain</p> <ol style="list-style-type: none"> 1. B 2. C 3. D 4. A 5. F 6. C 	<p>Tayahin</p> <ol style="list-style-type: none"> 1. A 2. C 3. A 4. B 5. B 6. D 7. A 8. D 9. A 10. A 	<p>Isaisip</p> <p>A. Natutunan ko ang tungkol sa iba't ibang uri ng sanagunian at ang gamit nito.</p> <p>Lubos itong mahalaga sa akin dahil mabibigyan ako ng wastong kaalaman sa bawat katanungan na akong gustong malaman.</p> <p>B. Mahalagang natutunan ko ang iba't ibang sanagunian sapagkat natutunan ako nito ng mga pupuntahan o sasagunian ko sa akong mga nais malaman.</p> <p>Isagawa</p> <p>A. 1-5 Nakadepende sa mag-aaral ang sagot.</p> <p>B. Nakadepende sa mag-aaral ang sagot.</p>
--	---	---

Sanggunian:

- 2016 K to 12 Gabay Pangkurikulum (F6SS-IIa-6) Filipino 6, pahina 121
- Most Essential Learning Competencies (MELCs) F6EP-Ib-d-6, pp.166
- LR Portal <https://lrmds.deped.gov.ph/detail/6855>

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph